



Tungkol sa suporta sa pagpapatuloy ng trabaho para sa mga dayuhang nawalan ng trabaho

Para sa mga teknikal na intern atbp. na nawalan ng trabaho dahil sa epekto ng lumalaganap na COVID-19 at nahihirapang ipagpatuloy ang pagsasanay, **ipapahintulot ang katayuan ng paninirahan na “Tiyak na Aktibidad (maaaring magtrabaho)” hanggang isang taon upang muling magkatrabaho at magpatuloy magtrabaho ang mga dayuhang manggagawa** bilang espesyal na hakbang sa panahong ito.

Mga saklaw na tao

Ang mga nasa ibaba na may kontrata (Note 1,2) na sa bagong pagtatrabahuhan

- Mga teknikal na intern na pinaalis sa trabaho at nahihirapang magpatuloy ng pagsasanay
- Mga dayuhang manggagawang pinaalis sa trabaho at nahihirapang magpatuloy magtrabaho (Katayuhan ng paninirahan na “Tiyak na kasanayan”, “Inhinyero, Espesyalista sa makataong sining, Serbisyong pang-internasyonal”, “Teknikal” atbp.)
- Mga dayuhang mag-aaral na nakansela ang alok ng trabaho
- Mga nahihirapang umuwi sa sariling bansa pagkatapos matapos ang teknikal na pagsasanay atbp.

(Note 1) Limitado sa mga tiyak na industriya

(Note 2) Limitado sa mga nais manatili upang magkaroon ng kasanayang kailangan para sa trabaho ng tiyak na kasanayan



Pamamaraan ng Aplikasyon

Mangyaring mag-aplay para sa pahintulot ng pagbabago ng katayuhan ng paninirahan sa “Tiyak na Aktibidad (maaaring magtrabaho)” sa lokal na tanggapan ng Imigrasyon o sangay na tanggapan nito na may hurisdiksyon sa lugar ng paninirahan ng dayuhan.

Sa mga saklaw na tao sa itaas, **kung nahihirapang maghanap ng pagtatrabahuhan, maaari silang mabigyan ng matching support sa mga recruiter sa pamamagitan ng tulong ng Pamahalaan ng Japan.**

Makipag-ugnayan sa malapit na Tanggapan ng Imigrasyon o sangay na tanggapan nito para sa mga katanungan



Listahan ng kontak <http://www.immi-moj.go.jp/soshiki/index.html>



Mga hakbang ng Matching Support

STEP 1

Isulat sa “Kasunduang may kinalaman sa paghawak ng personal na impormasyon” ang kailangang impormasyon tulad ng pangalan, contact information, nais na larangan (larangan ng tiyak na industriya) atbp. at isumite (note).

(note) Isumite sa lokal na tanggapan ng Imigrasyon kapag “Inhinyero”, at isumite sa Kawanihan ng Imigrasyon ng Japan kapag ibang katayuan ng paninirahan.

“Kasunduang may kinalaman sa paghawak ng personal na impormasyon” →



STEP 2

Ibibigay ang kasunduan sa mga ahensya ng pagtatrabaho mula sa Kawanihan ng Imigrasyon sa pamamagitan ng mga kaugnay na tanggapan ng pamahalaan.

STEP 3

Isasagawa ng ahensya ng pagtatrabaho ang Matching sa mga malilipatan o mapapasukang kumpanya

STEP 4

Pipirma ng kontrata ng trabaho ng lilipatan o papasukang kumpanya



STEP 5

Mag-aaplay sa lokal na tanggapan ng Imigrasyon o sangay na tanggapan nito para sa pagpapalit ng katayuhan ng paninirahan sa “Tiyak na Aktibidad (maaaring magtrabaho)” at pahihintulutan